

Karapat-dapat na Ngayon ang DeSoto County para sa Tulong sa FEMA Matapos ang Hurricane Helene

Release Date: Oktubre 23, 2024

TALLAHASSEE, Fla. -- Ang mga may-ari ng bahay at nagrerenta sa DeSoto County na hindi nakaseguro o kulang sa seguro sa pinsala o pagkawala na dulot ng Hurricane Helene ay maaaring mag-apply para sa [tulong sa sakuna ng FEMA](#).

Maaaring makatulong ang FEMA sa mga seryosong pangangailangan, paglilipat, pansamantalang tirahan, pangunahing gastos sa pag-aayos ng bahay, mahalagang pagkawala ng personal na ari-arian o iba pang mga pangangailangan na sanhi ng kalamidad. Ang DeSoto County kasama ang Alachua, Baker, Bradford, Charlotte, Citrus, Collier, Columbia, Dixie, Duval, Franklin, Gilchrist, Gulf, Hamilton, Hernando, Hillsborough, Jefferson, Lafayette, Lee, Leon, Levy, Madison, Manatee, Pasco, Pinellas, Putnam, Sarasota, Suwannee, Taylor, Union at Wakulla na mga county ay pinahintulutan para sa FEMA Tulong.

Hinihikayat ang mga may-ari at nagrerenta na mag-apply online sa [DisasterAssistance.gov](#) o sa pamamagitan ng paggamit ng [FEMA App](#). Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono sa **800-621-3362**. Kung pipiliin mong mag-apply sa pamamagitan ng telepono, mangyaring unawain na ang mga oras ng paghihintay ay maaaring mas mahaba dahil sa pagtaas ng dami para sa maraming kamakailang sakuna. Ang mga linya ay bukas araw-araw at magagamit ang tulong sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng isang relay service, caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para sa isang naa-access na video tungkol sa kung paano mag-aplay para sa tulong pumunta sa [FEMA Accessible: Application for Individual Assistance - YouTube](#).

Ano ang Kakailanganin Mo Kapag Nag-apply Ka



FEMA

Page 1 of 2

- Isang kasalukuyang numero ng telepono kung saan maaari kang kontakin.
- Ang iyong address sa panahon ng sakuna at ang address kung saan ka ngayon nananatili.
- Ang iyong numero ng Social Security.
- Isang pangkalahatang listahan ng pinsala at pagkalugi.
- Impormasyon ng bangko kung pipiliin mo ang direktang deposito.
- Kung nakaseguro, ang numero ng polisiya o ang ahente at/o ang pangalan ng kumpanya.

Kung mayroon kang mga seguro sa pag-aaring bahay, renta o sa baha, dapat kang mag-file ng claim sa lalong madaling panahon. Hindi maaaring iduplika ng FEMA ang mga benepisyong para sa pagkalugi na sakop ng seguro. Kung hindi saklaw ng iyong polisiya ang lahat ng iyong mga gastos sa sakuna, maaari kang maging karapat-dapat para sa pederal na tulong.

Kung ikaw ay nagkaroon ng pinsala mula sa Hurricane Helene at Hurricane Milton, kakailanganin mong mag-apply nang hiwalay para sa parehong mga sakuna at ibigay ang mga petsa ng iyong pinsala para sa bawat isa.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Hurricane Milton, bisitahin ang fema.gov/disaster/4834. Para sa Hurricane Helene, bisitahin ang fema.gov/disaster/4828. Para sa Hurricane Debby, bisitahin ang fema.gov/disaster/4806. I-follow ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4 o sa Facebook sa facebook.com/fema.

